Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

FDA ADVISORY No. 2016-041-A

17 MAY 2016

PARA: **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

PAKSA: **Babala sa Publiko Tungkol sa Paggamit ng mga Hindi Rehistradong Gamot na:**

1. **Dan Shen Pill**
2. **Intestinal Medicine Pill**
3. **Isoxsuprine Hydrochloride Injection IP (Duvadilan) 5 mg / mL IM / IV (Abbott India Limited)**
4. **Natural Vitamin E Capsule (ABP Manufacturing)**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa paggamit ng mga sumusunod na hindi rehistradong gamot:

Dan Shen Pill
Shanghai Kang People At Tong Pharmaceutical Co., Ltd. – China, Shanghai

Intestinal Medicine Pill
D.K. Traditional Medicines & Natural Health Products Limited – Hong Kong

Isoxsuprine Hydrochloride Injection IP (Duvadilan) 5 mg / mL IM / IV
Manufactured by: Abbott India Limited – 801/P G.I.D.C. Estate, At & Post Ankleshwar – 393 002 Dist – Bharuch (Gujarat)

Natural Vitamin E Capsule
Manufactured by: ABP Manufacturing
Monrovia CA 91789

Larawan 1. Mga hindi rehistradong produkto

Ang lahat ng *healthcare professionals* at ang publiko ay pinag-iingat sa mga nasabing produkto. Ang mga ito ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito, at ang pag-aangkat, at pagbebenta ng mga ito ay paglabag sa *Republic Act No*. 9711 o ang Food and Drug Administration Act of 2009.

Upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko, ang mga inspektor ng FDA ay inaatasang isagawa ang kanilang mandato ayun sa *Section* 14 ng *Republic Act No.* 9711.

Ang lahat ay binabalaan na ang pagbebenta, pag-aangkat, at pamamahagi ng mga nasabing gamot ay ipinagbabawal at may kaukulang parusa.

Ang lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at iba pang mga kaugnay na ahensya ay hinihikayat na siguraduhing ang mga produktong ito ay hindi makikita sa kanilang mga pinamamahalaan.

Pinapaalalahanan ang publiko na bumili lamang ng mga gamot sa mga botika o pamilihang lisensyado ng FDA. Atin pong tandaan na bukod sa pag-iinspek ng mga establisiyamento, ang pagsusuri ng mga produkto, pagrerehistro, at pag-eeksamin sa laboratoryo, ay mga hakbang ng gobyerno upang masiguro ang kaligtasan, kalidad at bisa ng mga gamot. Ugaliing hanapin ang *FDA Registration number* sa *label* ng mga produktong binibili. Alalahanin din natin na ang mga *label* ng mga produktong rehistrado sa FDA ay naglalaman ng mga impormasyon sa Ingles o Filipino upang maintindihan ng mga mamimili ang mga gamot na nilalaman nito.

Para sa karagdagang impormasyon at mga katanungan, maaaring mag *e-mail* sa info@fda.gov.ph. Hinihikayat ang lahat na sumangguni at magsumbong sa FDA ng anumang patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong produkto sa pamamagitan ng pag *e-mail* sa report@fda.gov.ph o pagtawag sa numero (02)807-8275. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang *link* na ito: www.fda.gov/adr-report-new at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

MARIA LOURDES C. SANTIAGO, MSc, MM
Officer in Charge – Director General

DTN: 20160125113418